# Regulatory Office

Ang MWSS Regulatory Office ay nalikha noong Agosto 1997 sa pamamagitan ng Concession Agreements na nilagdaan sa pagitan ng MWSS at dalawang pribadong konsesyunaryo--ang Manila Water Company, Inc. para sa West Zone at Maynilad Water Services, Inc. para sa East Zone.

Ang Regulatory Office, bilang collegial body, ay binubuo ng limang miyembro na pinamumunuan ng Director o Chief Regulator na may pangkalahatang pananagutan o responsibilidad para sa operasyon ng tanggapan. Ang ibang mga kasapi nito ay nakatalaga naman bilang mga regulator para sa Administration and Legal Affairs, Technical, Customer Service at Financial Regulation.

Ang anumang aksyon, pagkilos o pagpapasyang isasagawa ng Regulatory Office patungkol sa mahahalagang bagay o usapin na direktang makakaapekto sa binalangkas na Concession Agreements ay mangangailangan ng botong mayorya o majority vote ng tatlong kasapi nito.

Ang Chief Regulator ang siyang namumuno sa pagpupulong ng tanggapan at may pinal na desisyon o pagpapatibay hinggil sa pagtanggap o pagsibak sa lahat ng propesyunal na kawani o staff ng opisina. Siya rin ang tumatayong pangunahing tagapagsalita ng naturang tanggapan.

Ang Regulatory Office ay may mandato o tungkuling subaybayan ang pagpapatupad ng Concession Agreements. Kabilang sa mga gampanin nito ang muling pag-aaral o pag-review, pagmamatyag at pagpapatupad ng rates at services standards; regular na pagsasa-ayos at pag-uulat ng independent audits hinggil sa mga naging gawain o performance ng dalawang konsesyunaryo; at ang pagsubaybay sa infrastructure assets ng mga ito. Ang tungkulin ng Regulatory Office ay maaaring magbago anumang oras para sa pagtiyak ng isang epektibong regulasyon patubig at serbisyong alkantarilya.




Para sa karagdagang impormasyon, tumawaga sa

**Customer Service Regulation Area**

Tel: (02) 435-8903

**Public Information Department**

Tel: (02) 381-2579

**MWSS Regulatory Office**

3rd Floor, Engineering Bldg., MWSS Complex, Katipunan Road, Balara, 1105 Quezon City

Phone: (02) 435-8900


Fax: 926-9352

Website: http://mwss.gov.ph/ro/

E-mail: mwssregulatoryoffice@gmail.com


Metropolitan Waterworks and Sewerage System

## REGULATORY OFFICE



## Paano tinitiyak ng MWSS-RO na malinis at ligtas ang inyong inuming tubig?


# KARAPATAN NG BAWAT KONSUMER ANG MALINIS AT LIGTAS NA INUMING TUBIG

- Upang matiyak na malinis at ligtas ang Inyong inuming tubig, regular na mino-monitor ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System-Regulatory Office (MWSS-RO) ang serbisyong tubig na nagmumula sa Maynilad at Manila Water ay suma-sang-ayon sa Philippine National Standards for Drinking Water (PNSDW) na nailathala ng Department of Health (DOH- AO No. 2007-0012).

- Araw-araw na nagsasagawa nang "water sampling" ang MWSS-RO sa mga kabahayan, paaralan, sentro ng kalusugan, ospital at iba pang lokasyon. Sinusuri ang mga naturang samples sa pamantayan ng PNSDW.

## Saan nagmumula ang tubig na ating iniinom?

- **A**ng tubig sa ating mga kabahayan ay nagmumula sa bundok ng Sierra Madre at umaagos patungong Angat Dam. Dumidiretso ito sa Ipo Dam at Bicti basin kung saan sinasala na ang tubig papasok ng mga "water treatment plants" sa La Mesa at Balara.






## Paano ang proseso ng paglilinis ng tubig mula sa pinagmulan nitong bukal ng tubig sa Angat Dam papunta sa ating mga kabahayan?

**M**ay limang (5) simpleng proseso na pinagdadaanan ang paglilinis ng tubig upang garantisadong malinis at ligtas ang tubig na dadaloy sa mga gripo ng ating bahay:

1. **A**ng unang proseso ay ang ***Co-agulation Stage***, kung saan ang paglilinis ng inuming tubig ay nag-sisimula sa pagsasala ng malalaki at maliliit na butil ng dumi. Kasabay nito ay ang paglalagay ng kemikal tulad ng "alum" ang mga maliliit na butil ng dumi ay nagdidikit-dikit at nagiging isang malaking butil na tinatawag na "floc".
2. **S**a yugto ng ***Sedimentation Stage***, ang mga namuong butil ay bumibigat at lumulubog pailalim ng sisidlan ng tubig.
3. **P**agpasok ng tubig sa ***Filtration Stage***, ang mas maliliit na butil ay lalo pang nasasala gamit ang buhangin, uling at graba.
4. **A**ng ***Disinfection Stage***, ay ang naglalagay ng kemikal na "chlorine" upang patayin ang mikrobyo at ibang ang organismo na maaring laman ng tubig.
5. **A**t ang huling hakbang ng proseso ay ang ***Storage Stage,*** kung saan ang nalinis at nasala na tubig ay inilalagay sa mga malalaking imbakan pansamantala habang iniintay na makumpleto o matapos ang pagdis-impketa sa tubig. Upang ang malinis at ligtas na tubig ay makarating sa ating lahat, may nakakabit na malalaking tubo mula sa imbakan patungo sa mga kabahayan,